PAPEL NG IMPORMASYON PARA SA BAKUNA

Mga Bakunang Meningococcal

Ano Ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages. See www.immunize.org/vis.
Maraming Mga Pahayag sa Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Espanyol at sa ibang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis.

1 Ano ang meningococcal na sakit?

Ang meningococcal na sakit ay malalang bacterial na karamdaman. Pangunahin itong pinagmumulan ng bacterial na meningitis sa mga bata mula 2 hanggang 18 taong gulang sa Estados Unidos. Ang meningitis ay isang impeksiyon ng bumabalot sa utak at gulugod.

Ang meningococcal na sakit ay nagdudulot din ng mga impeksiyon ng dugo.

Halos 1,000 – 1,200 mga tao ang nagkakaroon ng meningococcal na sakit kada taon sa U.S. Kahit na nagamot na sila ng mga antibayotiko, 10-15% ng mga taong ito ay namamatay. Sa mga nabubuhay, ang 11%-19% ay nawawalan ng mga braso o mga binti, nagkakaproblema sa kanilang mga nervous system, nabibingi o nagiging mentally retarded, o nagdurusa mula sa mga seizure o stroke.

Sinuman ay maaaring magkaroon ng meningococcal na sakit. Ngunit pinakakaraniwan ito sa mga sanggol na mas bata sa isang taong gulang at mga taong 16-21 taong gulang. Ang mga bata na may ilang kundisyong medikal, katulad ng kawalan ng lapay, ay may pinaigting na peligrong magkaroon ng meningococcal na sakit. Ang mga nasa unang baitang ng kolehiyong nakatira sa mga dormitoryo ay nasa pinaigting na peligro din.

Ang mga meningococcal na impeksiyon ay magagamot gamit ang mga gamot na katulad ng penicillin. Bagaman, maraming taong nagkakasalit nito ay mamamatay mula dito, at maraming iba ang maaapektuhan habang buhay. Kaya ang pag-iwas sa sakit gamit ang bakunang meningococcal ay mahalaga para sa mga taong nasa mataas na peligro.

2 Meningococcal na bakuna

May dalawang uri ng meningococcal na bakuna sa U.S.:

- Ang meningococcal conjugate vaccine (MCV4) ay ang nilalayong bakuna para sa mga taong 55 taong gulang at mas bata.
- Ang meningococcal polysaccharide vaccine (MPSV4) ay mabibili mula nung 1970s. Ito ang tanging meningo-coccal na bakunang lisensiyado para sa mga taong mas matanda sa 55.

Ang dalawang bakunang ito ay makakahadlang sa 4 na uri ng meningococcal na sakit, kasama ang 2 sa 3 uri ng na pinakakaraniwan sa Estados Unidos at isang uri na nagdudulot ng mga epidemya sa Africa. May ibang mga uri ng meningococcal na sakit; ang mga bakuna ay hindi nagpoprotekta laban dito.

3 Sino ang dapat kumuha ng meningococcal na bakuna at kailan?

Karaniwang Pagbabakuna

Dalawang dosis ng MCV4 ang nirerekomenda para sa mga adolescent na nasa 11 hanggang 18 taong gulang: ang unang dosis ay sa edad na 11 o 12 taong gulang, na may booster na dosis sa edad na 16.

Ang mga nagdadalaga/nagbibinata sa pangkat ng edad na ito na may impeksiyong HIV ay dapat kumuha ng tatlong dosis: 2 dosis 2 buwan ang layo sa 11 o 12 taong gulang, at isang booster sa edad na 16.

Kung ang unang dosis (o serye) ay binigaw sa pagitan ng 13 at 15 taong gulang, ang booster ay dapat ibigay sa pagitan ng 16 at 18. Kung ang unang dosis (o serye) ay binigay makalipas ang ika-16 na kaarawan, hindi na kailangan ang booster.

Ibang Mga Tao na May Pinaigting ng Peligro

- Mga nasa unang baitang ng kolehiyong nakatira sa mga dormitoryo.
- Mga tauhan sa laboratoryo na karaniwang nalalantad sa meningococcal na bacteria.
- Mga recruit ng militar ng U.S..
- Sinumang nagbibiyahe sa, o nakatira sa bahagi ng mundo kung saan karaniwan ang meningococcal na sakit, katulad ng mga bahagi ng Africa.
- Sinumang may sirang lapay, o pinaalis ang lapay.
- Sinumang may hindi gumagaling na kakulangan sa complement component (isang sakit sa immune system).
- Mga taong maaaring nalantad sa meningitis sa panahon ng outbreak.

Ang mga tao sa pagitan ng 9 at 23 buwang gulang, at sinumang iba na may ilang medikal na kundisyon ay kailangan ng 2 dosis para sa sapat na proteksiyon. Tanungin ang iyong doktor tungkol sa bilang at panahon ng mga dosis, at ang pangangailangan para sa mga booster na dosis.

Ang MCV4 ay ang nilalayong bakuna para sa mga tao sa mga pangkat na ito na nasa 9 na buwan hanggang 55 taong gulang. Magagamit ang MPSV4 para sa mga nakatatanda na mas matanda sa edad na 55.

U.S. Department of Health and Human Services

4 Ang ilang tao ay hindi dapat magpabakunang meningococcal o maghintay

- Sinumang nagkaroon ng malala (nakamamatay) na allergic na reaskiyon sa nakaraang dosis ng MCV4 o MPSV4 ay dapat hindi kumuha ng isa pang dosis ng alinmang bakuna.
- Sinumang may malalang (nakamamatay) na allergy sa alinmang bahagi ng bakuna ay hindi dapat kumuha ng bakuna. *Sabihin sa doktor mo kung mayroon kang anumang malalang mga allergy.*
- Sinumang may katamtaman o malalang karamdaman sa panahon ng pagturok na nakatakda ay malamang dapat maghintay hanggang sila ay gumaling. Tanungin ang iyong doktor. Ang mga taong may bahagyang sakit ay karaniwang nagpapabakuna.
- Ang mga meningococcal na bakuna ay maaaring maibigay sa mga buntis na babae. Ang MCV4 ay halos bagong bakuna at hindi naaral sa mga buntis na babae katulad ng sa MPSV4. Dapat lang itong gamitin kung malinaw na kailangan. Ang mga gumagawa ng MCV4 ay nagpapanatili ng mga rehistro ng pagbubuntis para sa mga kababaihang nabakunahan habang buntis.

Maliban sa mga batang may sickle cell na sakit o walang gumaganang lapay, ang mga meningococcal na bakuna ay maaaring maibigay kasabay ng ibang mga bakuna.

5 Ano ang mga peligro mula sa meningococcal na mga bakuna?

Ang bakuna, katulad ng anumang gamot, ay maaaring makadulot ng malalang mga problema, katulad ng malalang mga allergic na reaksiyon. Ang peligro ng pagdulot ng meningococcal na bakuna ng malalang pinsala, o kamatayan ay napakaliit.

Ang panandaliang pagkahimatay at mga kaugnay na sintomas (katulad ng pag-ngisay o tilang seizure na mga paggalaw) ay maaaring sumunod sa pagbabakuna. Madalas itong nangyayari kasama sa mga nagdadalaga/nag-bibinata, at maaari itong magresulta sa mga pagkahulog at mga pinsala.

Ang pag-upo o paghiga nang 15 minuto matapos magpainiksiyon – lalo kung para kang hihimatayin – ay makakatulong makaiwas sa mga pin-salang ito.

Mga bahagyang problema

Kasingdami sa kalahati ng mga taong tumatanggap ng meningococcal na mga bakuna ay may bahagyang mga side effect, katulad ng pamumula o sakit kung saan binigay ang iniksiyon.

Kapag naganap ang mga problemang ito, karaniwan ay nagtatagal sila nang 1 o 2 araw. Mas karaniwan sila makalipas ang MCV4 kaysa makalipas ang MPSV4.

May maliit na porsiyento ng mga tao na nakakatanggap ng bakuna ang nagkakaroon ng sinat.

Mga malalang problema

Ang mga malalang allergic na reaksiyon, sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras mula sa pag-iniksiyon ay napakabihira.

DCH-0930T AUTH: P. H. S., Act 42, Sect. 2126.

6 Ano ang dapat kong hanapin?

Ano ang dapat kong hanapin?

Anumang hindi karaniwang kalagayan, katulad ng malalang allergic na reaskiyon o mataas na lagnat. Kung ang malalang allergic na reaskiyon ay naganap, ito ay ilang minuto lang makalipas ang iniksiyon. Maaaring kasama sa mga senyales ng malalang allergic na reaksiyon ay **hirap sa paghinga, panghihina, pamamalat o paghuni, mabilis na pintig ng puso, pagpapantal, hilo, pamumutla, o pamamaga ng lalamunan.**

Ano ang dapat kong gawin?

Tumawag sa doktor, o dalhin agad sa doktor ang tao.

- Sabihin sa doktor mo ang nangyari, ang petsa at oras kung kailan ito nangyari at kailan binigay ang pagbabakuna.
- Ipaulat sa iyong tagapagbigay ang reaksiyon sa pamamagitan ng pagsumite ng form ng Sistema ng Pag-ulat ng Salungat na Kaganapan sa Pagbabakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System) (VAERS). O maaari mong isumite ang ulat na ito sa VAERS website sa **www.vaers.hhs.gov**, o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng medikal na payo.

7 Ang National Vaccine Injury Compensation Program

Ang Pambansang Programang Bayad sa Pinsala mula sa Pagbabakuna (National Vaccine Injury Compensation Program) (VICP) ay nilikha noong 1986.

Ang mga taong naniniwala na maaari silang napinsala ng bakuna ay matututo tungkol sa programa at tungkol sa pagsampa ng paghiling sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-338-2382** o pagbisita sa VICP website sa **www.hrsa.gov/vaccinecompensation**.

8 Paano pa ako matututo?

- Maaaring ibigay sa iyo ng iyong doktor ang isiningit sa pakete ng bakuna o magmungkahi ng ibang mga pagmumulan ng impormasyon.
- Tumawag sa iyong kagawaran ng lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan. 1-888-767-4687
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
  - Bumisita sa website ng CDC sa **www.cdc.gov/vaccines**

Vaccine Information Statement (Interim)

Meningococcal Vaccines

Tagalog

10/14/2011

Office Use Only

42 U.S.C. § 300aa-26

Translated by Carmazzi Global Solutions, CA

Upang pahintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medical ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirerekomendang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng panlaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpapahusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impromasyon so Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang medical.